# Gabay sa Pagbabakuna ng Novavax Para sa mga Dayuhang Naninirahan sa Korea (18 Taong Gulang Pataas)

Kamakailan mataas ang antas ng kumpirmadong pasyente ng COVID-19 sa mga dayuhan, sa kabilang banda ang antas ng pagbabakuna para sa mga dayuhan laban sa COVID-19 ay mas mababa kaysa sa mga Koreano, kaya't mangyaring siguraduhing magpabakuna laban sa COVID-19 para sa ligtas na buhay dito sa Korea.
**Maaaring makatanggap ng libreng bakuna laban sa COVID-19 ang mga dayuhang may edad na1 8 taong gulang pataas na naninirahan dito sa Korea nang pang-matagalang panahon (o higit sa 90 araw).**

○ **Ang bakunang Novavax (NVX)** ay isang bakunang ginawa sa pamamagitan ng tradisyunal na paraan ng protina recombinant, at ginawa ito katulad sa pamamaraan ng iba't ibang mga bakuna tulad ng HPV at hepatitis B. Ang mga dayuhan na may edad na 18 taong gulang pataas at hindi pa nakakatanggap ng ika-1, ika-2, o ika-3 na bakuna dahil sa mga alalahanin tungkol sa masamang reaksyon ng mga bakunang mRNA (Pfizer, Moderna), atbp., ay **maaaring tumanggap ng Novavax bakuna mula Pebrero 14.**
 - Hindi alintana kung mayroon kang pangkalusugang insurance o wala, maaari kang tumanggap ng bakuna sa isang Institusyong Medikal o Pampublikong Sentro ng Kalusugan na nangangasiwa ng bakuna sa COVID-19 Novavax.

○ **Paraan ng reserbasyon at pagbabakuna.**
 1) **Para sa mga Rehistradong Dayuhan:** Maaari kang magpareserba online o sa pamamagitan ng telepono gamit ang iyong foreign registration number.
 * Pagpapareserba sa Online: I-akses ang COVID-19 Vaccination Pre-booking System (https://ncvr.kdca.go.kr) at gumawa ng reserbasyon pagkatapos matiyak ang iyong pagkakakilanlan mula (Pebrero 21, ~) → Bumisita sa Pampublikong Sentro ng Kalusugan o sa isang nakatalagang Institusyong Medikal at magpabakuna mula (Marso 3, ~)
 ** Pagpapareserba sa Telepono sa Parehong Araw ng Pagbabakuna: Para sa pagbabakuna ng Novavax ay tumawag sa isang Institusyong Medikal o Pampublikong Sentro ng Kalusugan at alamin kung may natitirang bakuna mula (Pebrero 14, ~) → Bumisita sa parehong araw at magpa-bakuna mula (Pebrero 14, ~)

2) **Para sa mga Hindi Rehistradong Dayuhan** (kabilang ang mga iligal na imigrante.): Maaari kang makakuha ng pansamantalang numero ng pamamahala mula sa Pampublikong sentro ng Kalusugan at gumawa ng reserbasyon online (pagpapareserba sa pamamagitan ng proxy) o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

* Maagang pagpapareserba sa online (Pagpapareserba sa pamamagitan ng Proxy): I-akses ang COVID-19 Vaccination Pre-booking System (https://ncvr.kdca.go.kr) at gumawa ng reserbasiyon pagkatapos matiyak ang pagkakakilanlan ng ahente (proxy) mula (Pebrero 21, ~) → magpa-bakuna sa isang Pampublikong Sentro ng Kalusugan o sa nakatalagang Institusyong Medikal mula (Marso 7, ~)

** Pagpapareserba sa Telepono sa Parehong Araw ng Pagbabakuna: Para sa pagbabakuna ng Novavax ay tumawag sa isang Institusyong Medikal o Pampublikong Sentro ng Kalusugan at alamin kung may natitirang bakuna mula (Pebrero 14, ~) → Bumisita sa parehong araw at magpa-bakuna mula (Pebrero 14, ~)

*** Kung wala kang valid (katunayan) ID sa oras ng pag-isyu ng pansamantalang numero ng pamamahala, maaari kang magbigay ng kahit isa lang sa sumusunod, kontak na numero (numero mo o nang iyong kakilala), email, o address ng tirahan.

3) **Pangatlong Dosis ng Bakunang Novavax (NVX)**

* Ika-3 pagbabakuna sa NVX pagkatapos ng pagbabakuna sa NVX-NVX: Maaring magpareserba sa online at maaari ang pagpapapabakuna sa parehong araw sa pamamagitan ng pagreserba sa telepono.

** Ang ika-3 dosis ng NVX ay magagamit **ayon sa opinyon ng doktor,** pagkatapos ng pagbabakuna sa iba pang mga bakuna (mRNA, AZ, J), kung may dahilan para sa kontra-indikasyon o pagpapaliban ng bakuna, atbp.: Maari lamang ang pagrereserba sa telepono sa parehong araw ng pagbabakuna.

※ Reperensiya

- **Ang impormasyon ng pagkakakilanlan ay ginagamit lamang para sa mga layunin ng pagbabakuna, at ang katotohanan ng ilegal na pananatili, atbp. ay hindi aabisuhan ang tanggapan ng Imigrasyon dahil sa sistema ng notipikasyon sa pagkalibreng tungkulin (exemption system for notification obligation).**
- Para sa karagdagang detalye, mangyaring sumangguni sa COVID-19 vaccination website (https://ncv.kdca.go.kr) ng Korea Centers for Disease Control and Prevention.